# Lokal na Ordenansa ukol sa Suporta para sa Mga Pamilyang Multikultural sa Lungsod ng Namwon

(Petsa ng Paggawa ng Batas) Nobyembre 11, 2015 Lokal na Ordenansa Bilang 1212

Artikulo 1 (Layunin) Ang layunin ng Lokal na Ordenansang ito ay upang matulungan ang mga pamilyang multikultural na naninirahan sa Lungsod ng Namwon na matamasa ang isang matatag na buhay pamilya alinsunod sa Batas ukol sa Suporta para sa mga Pamilyang Multikultural, at sa gayon makatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng mga miyembro ng mga pamilyang multikultural at sa pagsama nila sa lipunan.

Artikulo 2 (Mga Depinisyon) Ang mga katawagang ginamit sa Batas na ito ay ipapaliwanag tulad ng sumusunod:

1. Ang katawagang "pamilyang multikultural" ay tumutukoy sa anuman sa mga sumusunod na mga pamilya:

(a) Isang pamilyang binubuo ng isang imigranteng dahil sa pag-aasawa na tinukoy sa ikatlong pang-ilalim na talataan ng Artikulo 2 ng Balangkas na Batas ukol sa Pagtrato sa mga Dayuhang Naninirahan sa Republika ng Korea at isang taong nakakuha ng kabansahan ng Republika ng Korea ayon sa Artikulo 2 hanggang 4 ng Batas ng Kabansahan;

(b) Isang pamilyang binubuo ng isang taong nakakuha ng kabansahan ng Republika ng Korea ayon sa Artikulo 3 at 4 ng Batas ng Kabansahan at isang taong nakakuha ng kabansahan ng Republika ng Korea ayon sa Artikulo 2 hanggang 4 ng nabanggit na Batas;

2. Ang katawagang "imigranteng dahil sa pag-aasawa, atbp." ay tumutukoy sa anuman sa mga sumusunod na tao:

(a) Isang imigranteng dahil sa pag-aasawa na tinukoy sa ikatlong pang-ilalim na talataan ng Artikulo 2 ng Balangkas na Batas ukol sa Pagtrato sa mga Dayuhang Naninirahan sa Republika ng Korea;

(b) Isang taong nakakuha ng pahintulot para sa naturalisasyon sa ilalim ng Artikulo 4 ng Batas ng Kabansahan.

Artikulo 3 (Mga Katungkulan ng Alkalde) Ang Alkalde ng Lungsod ng Namwon (simula dito ay tutukuyin bilang “Alkalde”) ay bubuo ng mga sistema at kondisyong kinakailangan upang matulungan ang mga pamilyang multikultural na naninirahan sa Lungsod ng Namwon (simula dito ay tutukuyin bilang “Lungsod”) na matamasa ang isang matatag na buhay pamilya, at magtatatag at magsasakatuparan ng mga patakaran para doon.

Artikulo 4 (Mga Suportadong Trabaho) Maaaring suportahan ng Alkalde ang mga sumusunod na trabaho upang matulungan ang mga pamilyang multikultural na matamasa ang isang matatag na buhay pamilya.

1. Paghahanda ng edukasyon, pagpapalaganap, kultural, pisikal at iba pang uri ng mga nagtutugmang gawain upang dagdagan ang pagkaunawa ng mga pamilyang multikultural

2. Pagbibigay sa mga imigranteng dahil sa pag-aasawa ng pangunahing impormasyong kinakailangan para sa pamumuhay sa Republika ng Korea, at tulong sa pagkakaroon ng edukasyon para sa panlipunang pakikibagay

3. Pagbibigay ng edukasyon sa Koreano, edukasyong pangbokasyonal at pagsasanay sa mga

imigranteng dahil sa pag-aasawa pati na rin pagkokonekta sa kanila sa mga trabaho at mga negosyo

4. Suporta sa mga negosyong naghihimok ng pagpapanatili ng pagkakapantay-pantay sa ugnayang pampamilya sa mga sektor ng pagpapayong pampamilyang multikultural, edukasyon sa buhay may-asawa, edukasyong pangmagulang, edukasyon sa buhay pamilya, atbp.

5. Pagsawata ng karahasang pangtahanan sa mga pamilyang multikultural at proteksyon at suporta sa mga imigranteng dahil sa pag-aasawa, atbp. na biktima ng karahasang pangtahanan

6. Pagbibigay ng serbisyong medikal, tulad ng edukasyon sa nutrisyon at kalusugan, serbisyong pangangalaga ng katiwala bago at matapos ang panganganak, at mga pagsusuring medikal, sa mga imigranteng dahil sa pag-aasawa, atbp. upang tulutan silang matamasa ang isang malusog na buhay

7. Pagbibigay ng suporta sa serbisyong pangangalaga ng bata at edukasyon para sa mga batang mula sa mga pamilyang multikultural, at upang matulungan ang mga gayong batang malinang ang mga kasanayan sa wika, pagbibigay ng tulong na kinakailangan para sa pagpapabuti ng kanilang kahusayan sa wika, tulad ng mga kagamitan sa pagtuturo at suporta sa pagkatuto sa pagtuturo ng wikang Koreano

8. Pagbibigay ng mga serbisyong pagpapaliwanag at pagsasalin sa maraming wika sa mga imigranteng dahil sa pag-aasawa, atbp.

9. Tulong para sa pagpapabuti ng panlipunang kagalingan ng mga imigranteng dahil sa pag-aasawa sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga gastusing akademiko at pagpapabuti ng kanilang kakayahang eskolastiko

10. Pagbibigay ng suporta upang pagyamanin ang sari-saring uring kultural upang tulutan ang mga pamilyang multikultural na makabisita sa kanilang mga inang bayan at makaranas ng mga kultural na gawain

11. Pagtulong sa pananalapi para sa mga benepisyong pangkagalingan para sa mga bumibisitang tagapangasiwa sa mga Sentro ng Suporta para sa mga Pamilyang Multikultural

12. Iba pang mga trabahong ipinapalagay na kinakailangan ng Alkalde

Artikulo 5 (Pagtatatag ng Konseho sa Suporta para sa mga Pamilyang Multikultural at mga Tungkulin nito) (1) Maaaring magtatag ang Alkalde ng Konseho sa Suporta para sa mga Pamilyang Multikultural (simula dito ay tutukuyin bilang “Konseho”) upang mapalaganap nang mabisa ang mga patakaran sa suporta para sa mga pamilyang multikultural sa loob ng Lungsod.

(2) Ang Konseho ay magbibigay ng payo at mag-uusap tungkol sa mga usapin sa bawat isa sa mga sumusunod na pang-ilalim na talataan:

1. Usaping tungkol sa suporta para sa mga pamilyang multikultural

2. Lahat ng usaping tungkol sa pagdadagdag ng pagkaunawa sa lipunang multikultural

3. Mga usaping tungkol sa mga samahang itinatag ng mga miyembro ng mga pamilyang multikultural at iba pang nauugnay na mga samahang pangsuporta

4. Iba pang mga usaping ipinapalagay na kinakailangan ng Alkalde

Artikulo 6 (Samahan at Pagpapatakbo) (1) Ang Konseho ay bubuuin ng hindi hihigit sa sampung miyembro, kabilang ang isang tagapangulo at isang pangalawang tagapangulo.

(2) Ang papel ng tagapangulo ay gagampanan ng diputadong alkalde at ang papel ng pangalawang tagapangulo ay gagampanan ng direktor sa patakaran para sa mga pamilyang multikultural. Kapag hindi kaya ng tagapangulong isagawa ang kanyang mga abal-abal sa mga kadahilanang hindi maiiwasan, ang pangalawang tagapangulo ang tutupad sa kanyang mga tungkulin.

(3) Ang papel ng miyembrong eks opisyo ay gagampanan ng direktor sa patakaran para sa mga pamilyang multikultural. Ang mga inatasang miyembro ay hindi hihigit sa animnapung porsiyento katig sa kahit aling kasarian, at maaaring atasan ng Alkalde ang mga sumusunod na tao upang magsilbi

bilang mga miyembro:

1. Isang kinatawan ng lungsod na inirekomenda ng tagapangulo ng Asembleyo ng Lungsod ng Namwon (simula dito ay tutukuyin bilang “Asembleyong Pang-Lungsod”)

2. Isang opisyal mula sa mga nauugnay na samahan tulad ng Tanggapan ng Suportang Pang-Edukasyon, Himpilan ng Pulis, Sentro sa Trabaho, atbp.

3. Isang opisyal mula sa mga suriang may kaugnayan sa suporta para sa mga pamilyang multikultural at mga samahang tulad ng Sentro sa Suporta para sa mga Pamilyang Multikultural, mga samahang panrelihiyon, mga korporasyon, atbp.

4. Isang taong may malawak na kaalaman at karanasan sa mga patakaran ukol sa mga pamilyang multikultural tulad ng akademiko o mamamahayag

5. Isang taong kumakatawan sa mga pambayan o panlipunang samahang may kaugnayan sa mga pamilyang multikultural

6. Isang miyembro ng pamilyang multikultural na may karanasan sa panlipunang gawain o pagbuo ng mga patakaran

(4) Dalawang taon ang magiging panahon ng pamamahala kasama ang isang beses na magkasunod na paghirang. Ang panahon ng pamamahala para sa mga taong nagsisilbi bilang kinatawan ng lungsod o pambayang tagapaglingkod ay habang ginagampanan nila ang mga trabahong iyon. Gayunman, ang panahon ng pamamahala para punuin ang isang pagkabakante sa miyembro ay ang natitirang panahon ng pamamahala ng hinalinhan.

(5) Idadaos ang isang pulong kung ipinapalagay na kinakailangan ng tagapangulo o ang pulong ay hiniling ng isangkatlo ng mga miyembro o higit pa. Ipapakilala ang mga panukalang-batas na napag-usapan na may pagdalo ng karamihan sa mga miyembro at ipapasa ang mga panukalang-batas base sa pagsang-ayon ng karamihan sa mga miyembrong dumalo.

(6) Hihirangin ang isang kalihim para sa pag-aasikaso ng trabahong opisina para sa mga pulong, at ang papel na ito ay gagampanan ng Tagapamahala ng trabaho sa multikultural na patakaran.

Artikulo 7 (Pagkansela ng Paghirang ng isang Miyembro) Maaaring kanselahin ng Alkalde ang pag-atas sa isang miyembro sa ilalim ng isa sa mga sumusunod na kalagayan:

1. Kung kagustuhan ng miyembro ang pagkansela ng pag-atas

2. Kung ipinapalagay na hindi naaangkop na ipagpatuloy pa ng miyembro ang pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin dahil sa pinsala sa dignidad, atbp.

3. Paglitaw ng isang sakit na nangangailangan ng pangmatagalang gamutan o iba pang mga kadahilanang pumipigil sa miyembro na gampanan ang kanyang mga tungkulin

Artikulo 8 (Bayad) Maaaring bigyan ng sahod at panggastos sa byahe ang mga miyembrong hindi pambayang tagapaglingkod na dumalo sa pulong nang hindi hihigit sa laang-gugulin alinsunod sa Ordenansa ukol sa Pagtatatag at Pagpapatakbo ng Iba’t-ibang Komite sa Lungsod ng Namwon.

Artikulo 9 (Gantimpala) (1) Maaaring gantimpalaan ng Alkalde ang mga indibidwal, korporasyon o samahang nakatulong nang makabuluhan sa bansa at lokal na komunidad sa pamamagitan ng mga gawaing sumusuporta sa mga pamilyang multikultural.

(2) Ang pamamaraan para sa pagbibigay ng mga gantimpala ay susunod sa Ordenansa ukol sa mga Gantimpala ng Lungsod ng Namwon.

Artikulo 10 (Pagpapatakbo, atbp. ng mga Sentro ng Suporta para sa mga Pamilyang Multikultural)

(1) Ang Alkalde ay maaaring magtatag at magpatakbo ng mga Sentro ng Suporta para sa mga

Pamilyang Multikultural (simula dito ay tutukuyin bilang "sentro ng suporta") upang isakatuparan ang mga patakaran ukol sa suporta para sa mga pamilyang multikultural.

(2) Gagampanan ng bawat sentro ng suporta ang mga sumusunod na abal-abal:

1. Pagbibigay ng mga programang pangsuporta, tulad ng edukasyon at pagpapayo para sa mga pamilyang multikultural;
2. Pagbibigay ng edukasyon sa wikang Koreano para sa mga imigranteng dahil sa pag-aasawa, atbp.;
3. Pagbibigay ng impormasyon ukol sa mga serbisyong pangsuporta para sa mga pamilyang multikultural, at pagpapalaganap ng mga gayong serbisyo;
4. Pagbibigay ng mga nauugnay na serbisyo kasama ang mga surian at samahang nauugnay sa mga serbisyong pangsuporta para sa mga pamilyang multikultural;
5. Pagbibigay ng impormasyon ukol sa pangangalap at mga serbisyong pagtatalaga ng trabaho;
6. Pagbibigay ng mga serbisyong pagpapaliwanag at pagsasalin para sa mga pamilyang multikultural;
7. Iba pang mga proyektong kinakailangan upang suportahan ang mga pamilyang multikultural.

Artikulo 11 (Paghahabilin ng mga Tungkulin) Maaaring ihinggil ng Alkalde ang ilan sa o lahat ng mga tungkuling inilarawan sa ilalim ng Ordenansang ito alinsunod sa Ordenansa ukol sa Paghihinggil ng mga Tungkulin at Pamamahala ng Lungsod ng Namwon.

Artikulo 12 (Suporta sa Laang-gugulin) (1) Maaaring sagutin ng Alkalde ang lahat o ilan sa mga magagastos ng anumang pangkompanyang lupon o samahang nagsasagawa ng mga trabaho sa ilalim ng Artikulo 4 o nagbibigay ng kinakailangang tulong sa pamamahala para sa pagsasakatuparan ng gayong mga programa.

(2) Ang pamamaraan at kaparaanan ng pagtulong sa pananalapi sa ilalim ng talataan (1) ay susunod sa Ordenansa ukol sa Pamamahala ng Lokal na Pagtulong sa Pananalapi sa Lungsod ng Namwon.

Artikulo 13 (Pagtrato sa mga Asawa sa Aktuwal na Pag-aasawa at Kanilang mga Anak) Maaaring iakma ng Alkalde ang mga alituntunin sa ilalim ng Artikulo 4 sa mga imigranteng dahil sa pag-aasawa na nagpapalaki o nagpaplanong magpalaki ng anak/mga anak na isinilang mula sa aktuwal na pagpapakasal sa isang residente ng Lungsod ng Namwon pati na din sa kanilang mga anak.

Artikulo 14 (Alituntunin sa Pagpapatupad) Iaatas ng mga Alituntunin ang mga usaping kinakailangan para sa pagsasakatuparan ng Ordenansang ito.

## Habol

Ang Ordenansang ito ay magkakabisa sa petsa ng pagpoproklama nito.